# BAKIT MAHALAGANG PAG-ARALAN ANG ARALING PANLIPUNAN?

*by:*
**Diana R. Magat**
*Teacher III Mariveles National High School - Poblacion*

Bakit nga ba mahalagang pag-aralan ang Araling Panlipunan? Ano-ano nga kaya ang maaaring makuha ng mga mag-aaral mula rito? Ilan lamang ito sa mga tanong na mabuting maunawaan ng mga estudyante.

Ang pagtuturo ng asignaturang ito ay nakapaloob sa kasalukuyang kurikulum ng sistemang edukasyon na umiiral sa ating bansa, na K to 12 Basic Education Program (DepEd Philippines). Sa nasabing kurikulum, binibigyang-diin ang kahalagahan nito tulad ng iba pang mga asignatura.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Isa sa mahalagang bagay na dapat mabatid ng mga mg-aaral ukol dito ay ang tungkol sa kasaysayan ng ating bansa. Sa paglawak ng impluwensiya ng teknolohiya, makikitang hindi sumasabay ang sakop ng kaalaman ng kabataan hinggil sa kasaysayan ng ating bansa. Isang patunay diyan ang ginawang quiz bee sa isang programa sa telebisyon kung saan mali ang ilan sa naging tugon ng mga kalahok sa tanong tungkol sa kasaysayan, gayong ang mga ito ay tinatalakay sa elementarya pa lamang. Ang mga bayaning nagbuwis ng buhay para sa ating bayan ay hindi na nakikilala. Paano pa kaya ang kanilang nagawa? Kaya mahalagang maibahagi ng mga guro ang kasaysayan sa mga mag-aaral, sapagkat sinasalamin nito ang pinagdaan ng ating mga bayani upang makamit ang kalayaan. Ang pag-aaral din ng kasaysayan ay siyang nagpapakita ng mga suliranin ng lipunan noon na sa kasalukuyan ay patuloy pa rin nating nakikita. Magandang tulay ito sa mas malawak na pag-unawa sa nakaraan.

Isa pa sa dahilan kung kaya't dapat pagtuunan ng pansin ang Araling Panlipunan ay ang pag-aaral ng mga batas at ang pamahalaan. Ang guro, bilang tagahatid ng kaalaman, ay nararapat lamang ibahagi ang kahalagahan ng mga batas na umiiral sa ting bayan. Ang pagsunod sa mga batas ay makatutulong sa mas maayos ng pamumuhay ng mga tao, na siyang dapat maipaunawa ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral upang sa gayon ay hindi sila maging suliranin ng pamahalaan. Ang pag-aaral ng mga batas at pag-unawa rito ay katumbas ng pagsunod sa mga ito. Napakahalagang imulat sa kabataan ang pagsunod sa batas, sapagkat ang pagsunod dito ay nangangahulugan ng paggalang sa karapatan ng iba at kapayapaan.

Isa rin sa dahilan kung bakit mainam na pag-aaral ang Araling Panlipunan ay ang pagtalakay sa iba't-ibang tao sa mundo at ang kanilang kultura. Ang guro, bilang pangunahing instrumento ng talakayan, ay mahalagang ibahagi sa mga mag-aaral ang iba't-ibang kultura sa mundo nang sa gayon ay makita ang pagkakaiba-iba ng paniniwala, relihiyon, pananamit, salita, uri ng pamumuhay, at maging ang uri ng pamahalaan. Ito ay magiging tulay sa lubos na pagkaunawaan sa iba't-bang lahi. Dagdag pa rito ang sistema o uri ng pamahalaan mayroon ang bawat bayan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Isa pang dahilang kung bakit mahalagang pag-aaralan ang Araling Panlipunan ay upang makita ang impluwensiya ng mga bansang nanakop sa Pilipinas at kung paano nito binago ang pamumuhay sa kasalukuyan. Maraming nasyon ang sumakop sa Pilipinas, at bawat isa rito ay nag-iwan ng mahalagang kontribusyon sa mga Pilipino. Kung kaya't mahalagang malaman ito ng kabataan, sapagkat ang relihiyon ng nakararami sa bansa, Katolisismo, ay impluwensiya ng mga Kastila habang minulat sa atin ng mga Amerikano ang edukasyon. Dalawa lamang ito sa mahalagang bagay na patuloy nating tinatamasa mula sa nakaraan.

Isa pa ring dahilan kaya dapat pagtuunan ng pansin ang asignaturang ito ay upang makita ang sitwasyon o galaw ng ating ekonomiya. Mainam na mailahad ng mga guro ang relasyon ng sambayanan, pamilihan, negosyo, at pamahalaan sa paggalaw ng

ekonomiya, sapagkat anumang galaw ng ekonomiya ay may epekto sa bawat indibidwal, tuluyan man o hindi tuluyan. Napakahalgang maimulat ang kabataan sa simpleng ugnayan ng suplay, demand, at presyo, at kung paano nito naaapektuhan ang mga mamimili.

Ilan lamang ito sa mahahalagang bagay na dapat matutuhan sa pag-aaral ng Araling Panlipuna. Bilang isang guro, mainam na tayo ay mas sapat na kaalam hinggil dito upang mabisa natin itong maihayag sa mga mag-aaral.

*References:*

Anciano, J. (Retrieved 2023). Ano ang Araling Panlipunan. Academia.edu.com

ABS-CBN News (2022). Viral: Sagot ng PBB Housemates sa mga Tanong ukol sa PH History. Facebook.com

Professor Trcy. Kahalagahan ng Pag-aaral ng Araling Pnalipunan. Brainly.ph

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan